

Pagpili ng isang Pasilidad sa Pangangalaga



Ang pagsasaalang-alang sa paglipat sa isang pasilidad ng pangangalaga ay maaaring maging isang mahirap na desisyon.

Mayroong dalawang pangunahing uri ng mga pagpipilian na pasilidad ng pangangalaga: Residential Care Facilities for the Elderly (Mga RCFE) at Skilled Nursing Facilities (Mga SNF). Maaaring magingisang magandang ideya kapag nagsusuri ng mga pagpipilian na muling bisitahin ang mga pasilidad ng pangangalaga sa iba't ibang oras ng araw at dalhin ang isang kaibigan o kamag-anak para sa ibang pananaw. Narito ang ilang mga mapagkukunan upang makatulong sa pagpapasya:

- **Community Care Licensing Division**, ccl.d.ca.gov
- **CA Advocates for Nursing Home Reform**, 800.474.1116, canhr.org
- **Nursing Home Compare**, medicare.gov/nursinghomecompare

Residential Care Facilities for the Elderly (Mga RCFE)

Tinukoy din bilang Assisted Living, ang mga RCFE ay lisensyado at pinangalagaan ng Estado ng California, Department of Social Services.

- Ang mga RCFE ay nagbibigay ng pangangasiwa at tulong sa Activities of Daily Living (ADL) tulad ng pagligo, pagbibihis at personal na pangangalaga.
- Hindi kinakailangan sa mga RCFE na magkaroon ng mga kawani na nars o doktor at limitado sa mga maibibigay na tulong medikal (tulad ng pagbibigay ng mga gamot).
- Binabayaran nang pribado ang buwanang bayarin. Hindi sinasaklaw ng Medicare o ng pribadong seguro ang gastos sa Assisted Living.

Skilled Nursing Facilities (SNFs)

Tinatawag ding mga Convalescent Home o Nursing Home, ang mga SNF ay lisensyado at pinangalagaan ng Department of Public Health ng California.

- Nagbibigay din ito ng tulong sa mga ADL, personal na pangangalaga, at mga medikal na pangangailangan.
- Gayunpaman, ang staff ay higit na binubuo ng mga nars, therapist, at mga nursing assistant na nagbibigay ng pangangalaga sa ilalim ng pangangasiwa ng isang manggagamot.
- Ang mga SNF ay nagbibigay ng panandaliang pangangalaga para sa mga nangangailangan ng rehabilitasyon (tulad ng pisikal na therapy pagkatapos ng isang pananatili sa ospital) o pangmatagalang pangangalagang “custodial” para sa mga nangangailangan ng mas mataas na antas ng pangangalaga at 24-oras na pangangasiwa.
- Ang panandaliang pangangalaga ay karaniwang saklaw ng insurance habang ang pangmatagalan ay hindi (maliban kung ang isang indibidwal ay may Medi-Cal).

Pagpili ng isang Pasilidad sa Pangangalaga

Checklist upang makatulong na suriin ang mga pasilidad

SURIIN ANG LISENSYA

- Kitang-kita bang nakapaskil ang kanilang lisensya?
- Kung ang mga residente ay gumagamit ng mga walker at wheelchair, ang pasilidad ba ay lisensyado upang magbigay ng pangangalaga sa mga residenteng HINDI NAKAKALAKAD?
- Ipinapakita ng lisensya ang bilang ng mga residenteng pinapayagan doon. Ilan ang mga residente doon?
- Ang impormasyon ba tungkol sa Long-term care ombudsman Program and Community Care Licensing consumer information ay madaling magagamit ng mga residente at pamilya (ayon sa hinihiling ng batas)?
- Nakapaskil ba ang pinakahuling survey sa paglilisensya? Sasabihin nito sa iyo kung anong mga lugar ang nahanap na nangangailangan ng pagpapabuti at kung gaano kalubha ang kakulangan.

PISIKAL NA PASILIDAD

- Ang pasilidad ba ay mukhang mahusay na napapanatili sa pangkalahatan?
- Ang mga karaniwang lugar ba ay malinis, komportable, at kaaya-aya para sa mga residente?
- Mayroon bang mga daanan sa paglalakad at iba pang mga kasiya-siyang lugar sa labas?
- Nagagawa bang tangkilikin ng mga residente ang mga lugar sa labas nang mag-isa o kailangan pa bang maghintay sa staff upang samahan sila?
- Ginagawa ba ang wastong pag-iingat upang maiwasan ang pagkahulog?
- Ang mga silid ba ng residente ay may pagka-pribado at madaling makatawag ngtulong kapag kinakailangan?
- Pinapayagan ba ang mga residente na magdala ng kanilang sariling muwebles o larawan para sa kanilang mga silid?
- Ang layo ba ng mga pasilyo o distansya sa lugar ng kainan ay magiging isang problema para sa residente?

KALIDAD NG PANGANGALAGA

- Tumatanggap ba ang staff ng patuloy na pagsasanay at edukasyon upang makapagtrabaho sa mga taong may demensya?
- Paano nakikilala ng staff ang mga residente?
- Paano tinutugunan ng staff ang mga sintomas tulad ng pagkabalisa at paggala-gala?
- Pagmasdan ang staff na nakikipag-ugnay sa mga residente; tinatrato ba nila ang mga ito nang may kabaitan at respeto? Alam ba nila ang kanilang mga pangalan? May kamalayan ba sila sa kanilang mga gusto/hindi gusto?
- Pagmasdan ang mga residente; mukha ba silang inaalagaan? Nakikibahagi ba sila sa mga gawaing nagpapasigla?
- Mukha bang may kultural na kakayahan ang mga staff? Matulungin ba sila sa mga taong may ibang wikang sinasalita?
- Malinis ba ang ayos ng staff? Mukha ba silang maayos na nakapahinga at hindi labis na nagtatrabaho?
- Pinapayagan ba ng pasilidad ang pangangalagang hospice?
- Mayroon bang mga oras ng pagbisita?

Pagpili ng isang Pasilidad sa Pangangalaga

Checklist upang makatulong na suriin ang mga pasilidad

MGA PAGKAIN AT AKTIBIDAD

- Humiling na tingnan ang isang menu; ang pagkain ba ay mukhang malusog at nakakagana? Mayroon bang isang mahusay na pagkakaiba-iba/mga kultural na pagpipilian?
- Paano inihanda ng pasilidad ang iba't ibang mga pangangailangan sa pagdidiyeta?
- Paano nila tinutulungan ang mga nangangailangan ng tulong sa pagkain?
- Ang mga aktibidad ba ay tila naaayon sa mga kakayahan ng mga taong may demensya? Saan nagaganap ang mga aktibidad? Humiling ng isang kopya ng iskedyul ng aktibidad.
- Ang mga residente ba ay nakikitang nakikibahagi sa ilang uri ng pampasiglang gawain?
- Magagamit ba ang mga serbisyong pang-relihiyon sa pasilidad?

KONTRATA/ISTRATURA NG BAYARIN

Ano ang kasama sa buwanang bayarin? Anong mga serbisyo ang maaaring mangangailangan ng karagdagang bayarin? Sa anong pangyayari maaaring magbago ang bayarin at kung gaano katagal ang abisong ibibigay kung may pagtaas sa bayarin? Malinaw bang nakasaad sa kontrata kung anong mga kundisyon ang maaaring kailanganin upang lumipat ang isang residente? (Halimbawa: pagbabago sa pag-uugali, katayuan sa kalusugan, at/o pagbabago sa katayuang pinansyal).

_____ Mga Pagkain (espesyal na pagdidiyeta?)	_____ Tulong sa pagligo/pagbibihis
_____ Paghahatid sa doktor	
_____ Mga Aktibidad/Pagliliwaliw	_____ Personal na paglalaba
_____ Iba pang tulong	
_____ Suplay sa incontinence at pangangalaga	_____ Tulong sa gamot